| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 2 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | DepEdClick | Asignatura: | Filipino |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 3-7, 2025 | Kuwarter: | 3 Linggo 1 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa kamalayang ponolohikal, pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga payak na pangungusap at teksto tungkol sa sarili, at komunidad na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa kamalayang ponolohikal, pagbigkas ng mga tunog sa pagpapahayag ng ideya, karanasan at pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili, komunidad at pang-araw-araw na paksang naratibo at impormatibo. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Teksto: Tulang Pambata<br><br>Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita<br>a. diptonggo<br><br>Nababasa ang mga salitang may<br>a. diptonggo | Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita<br>a. diptonggo<br><br>Nababasa ang mga salitang may<br>a. diptonggo<br><br>Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita | Teksto: Tulang Pambata<br><br>Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita<br>a. diptonggo<br>**b. klaster**<br><br>Nababasa ang mga salitang may<br>a. diptonggo<br>**b. klaster** | Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita<br>a. diptonggo<br>**b. klaster**<br><br>Nababasa ang mga salitang may<br>a. diptonggo<br>**b. klaster** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Natutukoy ang mga pantig sa salita (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at komunidad | a. Katinig- Patinig- Katinig (KPK)<br>b. Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br><br>Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at komunidad | Natutukoy ang mga pantig sa salita (isa hanggang tatlong pantig)<br><br>Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at komunidad | Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita<br>a. Katinig- Patinig- Katinig (KPK)<br>b. Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br><br>Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br><br>a. sarili at komunidad |
| *D. Mga Layunin* | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br>2. Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita (diptonggo)<br>3. Nababasa ang mga salitang may diptonggo | 1. Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br>2. Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita (diptonggo)<br>3. Nababasa ang mga salitang may diptonggo | 1. Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br>2. Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita (klaster)<br>3. Nababasa ang mga salitang may klaster<br>4. Natutukoy ang mga pantig sa salita (isa | 1. Natutukoy ang mga salitang magkakatugma (isa hanggang tatlong pantig)<br>2. Natutukoy ang mga tunog na bumubuo sa salita (klaster)<br>3. Nababasa ang mga salitang may klaster<br>4. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita |
| | 4. Natutukoy ang mga pantig sa salita (isa hanggang tatlong pantig)<br>5. Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>6. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at komunidad | 4. Nabibigkas ang mga pantig na bumubuo sa mga salita<br>• Katinig- Patinig- Katinig (KPK)<br>• Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br>5. Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>6. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at komunidad | hanggang tatlong pantig)<br>5. Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>6. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at komunidad | • Katinig- Patinig- Katinig (KPK)<br>• Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br>5. Natutukoy ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>6. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at komunidad |
| *E. Integrasyon* | | | | |


| II. NILALAMAN/PAKSA | • High- Frequency Words<br>• Diptonggo<br>• Pagpapantig<br>• Salitang Magkatugma<br>• Tulang Pambata | • High- Frequency Words<br>• Diptonggo<br>• Kyarian ng Pantig<br>• Salitang Magkatugma<br>• Tulang Pambata | • High- Frequency Words<br>• Diptonggo<br>• Pagpapantig<br>• Salitang Magkatugma<br>• Tulang Pambata | • High- Frequency Words<br>• Diptonggo<br>• Kyarian ng Pantig<br>• Salitang Magkatugma<br>• Tulang Pambata |
|---|---|---|---|---|
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | dela Cruz, Ninia. "Mga Pahina Sa Alaala Ng Nanay." Palanca Awards. Accessed November 14, 2024. http://www.palancaawards.com.ph/images/Winning_works/2022_CPMA/FILIPINO_DIVISION/TULA_PARA_SA_MGA_BATA/Ale_Bangbang-2ND_PRIZE.pdf.<br><br>"Ako, Ikaw, Tayo'y Isang Komunidad." Pinoy BK Channel. Accessed November 14, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=4UMIyasehRk. | dela Cruz, Ninia. "Mga Pahina Sa Alaala Ng Nanay." Palanca Awards. Accessed November 14, 2024. http://www.palancaawards.com.ph/images/Winning_works/2022_CPMA/FILIPINO_DIVISION/TULA_PARA_SA_MGA_BATA/Ale_Bangbang-2ND_PRIZE.pdf. | Alma, Rio. "Mga Laruan." Facebook. Accessed November 14, 2024. https://www.facebook.com/photo.php?fbid=557295873071229&set=pb.100063724629392.-2207520000&type=3. | Alma, Rio. "Mga Laruan." Facebook. Accessed November 14, 2024. https://www.facebook.com/photo.php?fbid=557295873071229&set=pb.100063724629392.-2207520000&type=3. |
| *B. Iba pang Kagamitan* | picture cards, word strips/ lists, graphic organizers, Elkonin box, markers, at kopya ng tulang pambata | picture cards, word strips/ lists, graphic organizers, at kopya ng tulang pambata | picture cards, word strips/ lists, graphic organizers, Elkonin box, markers, at kopya ng tulang pambata | picture cards, word strips/ lists, graphic organizers, at kopya ng tulang pambata |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Awitin ang *"Ako ay Isang Komunidad"* kasama ang mga mag-aaral.<br><br>*Ako ako ako'y isang komunidad*<br>*Ako ako ako'y isang komunidad*<br>*Ako ako ako'y isang komunidad*<br>*Ako'y isang komunidad la la la*<br><br>*Sumayaw-sayaw at umindak-indak*<br>*Sumayaw-sayaw katulad ng dagat* | Magpakita ng mga larawan ng mga katulong sa pamayanan. Ipahula sa mga bata ang kanilang mga pangalan.<br><br>1. magsasaka<br>2. mangingisda<br>3. doktor/ manggagamot<br>4. beterinaryo<br>5. bumbero<br>6. pulis<br>7. karpintero<br>8. panadero<br><br>Upang maging higit na masaya ang gawain, | *Awitin ang "Maglaro Tayo"* kasama ang mga mag-aaral.<br><br>*Maglaro Tayo!*<br>*Handa na ba kayo? Tara!*<br><br>*Laro, laro, sama-sama tayo!*<br>*Magsaya at tayo'y maglaro,*<br>*Kahit ano pa ang gusto n'yo,*<br>*Tagu-taguan, sipa't, patintero*<br>*Tara,*<br>*sabay-sabay,*<br>*mag-enjoy tayo,* | Gawain: Pinoy Henyo<br>Ipaliwanag ang *mechanics* o paraan paano gawin ang laro.<br><br>Magtalaga ng mga manghuhula ng gawain, bagay, o pagdiriwang. Ipahula sa kanilaa ang napiling salita sa pamamagitan ng pagsagot ng "Oo", "Hindi", o "Pwede".<br><br>Mga suhestiyon na salitang ipapahula:<br>• Pasko<br>• Araw ng mga Patay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Sumayaw-sayaw at umindak-indak*<br>*Sumayaw-sayaw katulad ng dagat*<br><br>Habilin sa guro: Ulitin ang awit at palitan ang salitang "Ako" ng "Ikaw" at "Tayo" tulad ng nasa video.<br>Maaaring lapatan ang mga salita ng mga *actions* o *movements* upang maging mas kagiliw-giliw ang gawain kasama ang mga bata. | maaring awitin Ang Kapitbahay mula sa Batibot bago ipakilala ang bawat isa.<br><br>*Ako ang kapitbahay, kapitbahay mo*<br>*Laging handang tumulong sa inyo*<br>*Kilala nyo ako*<br>*Kilala nyo ako*<br>*Ako'y isa sa kapitbahay*<br>*Kapitbahay ninyo* | *Sa bawat laro, ika'y kasama ko!*<br><br>*Laro, laro, sama-sama tayo!*<br>*Magsaya at tayo'y maglaro,*<br>*Kahit ano pa ang gusto n'yo,*<br>*Piko, holen, tumbang preso't, trumpo,*<br>*Tara,*<br>*sabay-sabay,*<br>*mag-enjoy tayo,*<br>*Sa bawat laro, ika'y kasama ko!*<br><br>*Ang saya-sayang maglaro!*<br>*Ang dami nating pwedeng gawin,*<br>*Mag-luksong tinik kaya tayo?*<br>*Ay hindi, luksong baka na lang!*<br>*Agawan Base o Chinese Garter?*<br>*Alam ko na, habulan!*<br>*Tara!*<br><br>*Laro, laro, sama-sama tayo!*<br>*Magsaya at tayo'y* | • Sipa<br>• Saranggola<br>• Patintero<br>• Pagbabasa<br>• Paglalaro |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *maglaro,* | |
| | | | *Kahit ano pa ang gusto n'yo,*<br>*Laro at tradisyon ay isasapuso ko*<br>*Tara,*<br>*sabay-sabay,*<br>*mag-enjoy tayo,*<br>*Sa bawat laro, ika'y kasama ko!*<br>*Sa bawat laro, ika'y kasama ko!* | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin ukol sa pagpapantig, pagkilala sa mga salitang magkatugma, pagbasa at pagtukoy ng tunog ng mga salitang may diptonggo, pagbasa ng isang tulang pambata, at paggamit ng mga high frequency words ukol sa pamayanan at sarili. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin ukol sa pagpapantig, pagtukoy sa mga kayarian ng mga pantig, pagkilala sa mga salitang magkatugma, pagbasa at pagtukoy ng tunog ng mga salitang may diptonggo, pagbasa ng isang tulang pambata, at paggamit ng mga high frequency words ukol sa pamayanan at sarili. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin ukol sa pagpapantig, pagkilala sa mga salitang magkatugma, pagbasa at pagtukoy ng tunog ng mga salitang may klaster, pagbasa ng isang tulang pambata, at paggamit ng mga high frequency words ukol sa pamayanan at sarili. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin ukol sa pagpapantig, pagtukoy sa mga kayarian ng mga pantig, pagkilala sa mga salitang magkatugma, pagbasa at pagtukoy ng tunog ng mga salitang may klaster o kambal-katinig, pagbasa ng isang tulang pambata, at paggamit ng mga high frequency words ukol sa pamayanan at sarili. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Punan ang word web ukol sa komunidad o pamayanan. Talakayin ang mga sumusunod na tanong sa klase at itala ang mga sagot ng mga mag-aaral sa word web.<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang awit kanina? | Talakayin ang mga larawan na ipinakita sa klase.<br><br>1. Sinu-sino ang mga ito?<br>2. Anu-ano ang kanilang mga responsibilidad at gawain sa | Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Anu- ano ang mga larong pinoy na tinutukoy sa awit?<br>2. Paano laruin ang mga ito?<br>3. Anu- ano kaya ang mga mabubuting kaugalian na | Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Anu-ano ang mga gawain na inyong ginagawa sa inyong pamayanan/ komunidad?<br>2. Alin sa mga ito ang pinakagusto ninyo? Bakit/ bakit hindi? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Batay sa awit, ano sa inyong palagay ang isang komunidad o pamayanan?<br>3. Sinu-sino ang bumubuo dito?<br>4. Anu- ano ang mga gawain at lugar dito?<br>5. Paano dapat ang pagtrato ng mga tao naninirahan sa isang komunidad?<br><br><br>Tumawag ng 5-6 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot sa klase.<br><br>Habilin sa guro: Isulat ang salitang komunidad sa gitna ng word web. | pamayanan/ komunidad?<br>3. Mahalaga ba sila sa ating pamayanan/ komunidad? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>4. Paano natin maipapakita ang ating pasasalamat at pagpapahalaga sa kanila?<br><br>Tumawag ng 5-6 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot sa klase. | makukuha natin mula sa mga larong ito?<br><br>Tumawag ng 3-4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot sa klase. | 3. Sa inyong palagay, bakit mahalaga na magbigay ng panahon o oras para sa iba't- ibang mga gawain sa ating pangaraw-araw na buhay?<br>4. Alin sa mga gawaing ito ang nagpapatibay ng kaisahan ng mga tao sa pamayanan/ komunidad at nagpapalago ng ating kultura't mga tradisyon?<br><br>Tumawag ng 5-6 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang mga sagot sa klase. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pagsama-samahin ang mga ideya na magkakaugnay. Ibuod ang mga ideya na nakuha mula sa mga mag-aaral pagkatapos. Maaring balikan ang word web pagkatapos basahin ang teksto upang mas palawigin ang mga konseptong kaugnay ng komunidad/ pamayanan. | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | **A. Bago Magbasa**<br>**1. Paghahawan ng Balakid**<br>Magpakita ng larawan ng isang *bukid* o *palayan*. Sabihin sa mga bata na may iba't-ibang uri ng pamayanan. Mayroong mga nasa lungsod at mayroon din sa mga pook na rural tulad ng mga probinsya.<br><br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga | **A. Pagsasanay sa Pagbasa**<br>Magsagawa ng *choral reading* ng tula. Bigyan ang bawat mag-aaral ng kopya ng tula. Magbigay ng puna o *feedback* sa kalidad ng kanilang pagbabasa.<br>**B. Ang Aking Pamayanan**<br>Sabihin:<br>*Sa tulang ating binasa ay inilalarawan ang isang pamayanan o komunidad sa probinsya. Anong uri nga ito ng pamayanan? Anu-ano ang makikita rito?*<br>Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang pamayanan. | **A. Bago Magbasa**<br>**1. Paghahawan ng Balakid**<br>Basahin ang maikling kuwento upang matukoy ang kahulugan ng mga nakasalungguhit na mga salita. Pagtambalin ang mga sailta at kahulugan nito pagkatapos.<br>Isang araw, sa aming klase ss Filipino ay pinasagot kami ng mga <u>bugtong</u> ng aming guro tulad nito:<br>*Buo't balat lumilipad.* | **A. Pagsasanay sa Pagbasa**<br>Magsagawa ng *choral reading* ng tula. Bigyan ang bawat mag-aaral ng kopya ng tula. Magbigay ng puna o *feedback* sa kalidad ng kanilang pagbabasa.<br>**B. Paboritong Pagdiriwang/ Gawain**<br>Sabihin:<br>*Sa tulang ating binasa ay binanggit na may nakatakdang panahon sa mga gawain o di kaya'y mga pagdiriwang na isinasagawa sa ating mga pamayanan/ komunidad.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nakikita nila nasa larawan.<br>Banggitin na ang mga *magsasaka* ay isa sa mga mahahalagang katulong sa pamayanan.<br><br>Ipaliwanag na sa mga bukid ay may *pilapil*. Ito ay tinatayong lupa sa gilid ng sakahan o tubigan bilang proteksyon laban sa baha at para mapanatili o maprotektahan ang lugar mula sa labis na tubig.<br>**B. Paghahabi sa Layunin ng Aralin/ Pagganyak (Motivation-Motive)**<br>Itanong sa mga mag-aaral kung sila ay may probinsya o kung sila ay nakarating na sa isang bukirin/ palayan. Hayaan silang magbahagi ng | Hayaan sila na ilarawan ito. Banggitin ang mga lugar o tao na makikita rito. Tumawag ng mga mag-aaral na nais magbahagi sa klase ng kanilang gawain.<br>**Ang Aking Pamayanan**<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Habilin sa guro: Maaaring magbigay ng sentence starters/sentence completion task upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap. | Sa umpisa ay mahirap <u>matugmaan</u> ang sagot dito. Kailangan namin itong pag-isipan nang mabuti. Kami ay <u>mapiit</u> sa paghahanap ng mga clues o mga pahiwatig upang masagot ito. Sa wakas ay nalaman din namin ang sagot! Ito ay isang saranggola! Puno kami ng <u>gilalas</u> nang nakuha namin ang tamang sagot. | *Anu- ano ang mga pagdiriwang na isinasagawa sa inyong inyong pamayanan/ komunidad? Ibahagi ang inyong mga karanasan.*<br>Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang paboritong gawain o pagdiriwang sa kanilang pamayanan/ komunidad. Hayaan sila na ilarawan ito at magbigay ng mga dahilan o paliwanag kung bakit nila ito paborito. Tumawag ng mga mag-aaral na nais magbahagi sa klase ng kanilang gawain.<br>**Ang Aking Paboritong Gawain/ Pagdiriwang**<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Habilin sa guro: Maaaring magbigay ng sentence |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kanilang mga karanasan. | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sabihin:<br>*Alamin natin sa ating tulang pambatang babasahin, kung anu-ano ang mga gawain at karanasan ng may-akda ukol sa pamayanang kanyang napuntahan.*<br><br>**C. Habang Nagbabasa**<br>Basahin nang malakas at may angkop na damdamin ang tula. Magsagawa ng *choral reading* kasama ang mga mag-aaral pagkatapos.<br><br>**Sabik na Sabik sa Bakasyon sa Bukid** sa panulat ni Ninia H. dela Cruz | | **B. Paghahabi sa Layunin ng Aralin/ Pagganyak (Motivation-Motive)**<br><br>Itanong sa mga mag-aaral anu-anong mga gawain ang kinagigiliwan nila sa kani-kanilang mga pamayanan/ komunidad.Maaaring ang mga ito ay nagaganap lamang sa isang tiyak na buwan o araw tulad ng mga pista o pagdiriwang.<br>-pagkamangha o paghanga<br>Sabihin:<br>*Alamin*<br>-is a n g<br>*nat in s a a ting*<br>*tulang*<br>p a n g u n gusap<br>*pam b a t a n g*<br>*babasahin*<br>o t an o n g n a<br>*ku n g a n u -a no*<br>*ang mga*<br>m a y do b le o<br>*ga w a in s a*<br>n a k at a<br>*iba't-ibang b u w a n*<br>go ng<br>*o panahon*<br>ka h u lu g a n n<br>*na t in u tu k o y s*<br>a<br>*a akda.*<br>nilulutas bilang isang palaisipan<br>**C. Habang Nagbabasa**<br>Basahin na-nmg<br>amkualoaknagssat may<br>angkoipsannag<br>dgaamwadianmin ang tula.<br>Mhaagnsgaggaanwgaitnog<br>*choral*<br>*readaiyng*mkataaspaomsao<br>ang mga mag-amaargaal wa | starters/sentence completion task upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pagkatapos.<br>-mahulaan o masagot<br>***Mga Laruan*** | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Sabik na Sabik sa Bakasyon sa Bukid<br><br>Maliligo sa ilog,<br>sa bato nauntog.<br><br>Tatakbo sa pilapil,<br>sa damo napatid.<br><br>Aakyat sa puno,<br>nasagi si bunso.<br><br>Aangkas sa kalabaw,<br>sa tali nakabitaw.<br><br>Lulusong sa palayan<br>biglang titimbuwang.<br><br>At saka maglilinis, susong pilipit,<br>imbes ng susô, daliri ang napitpit!<br><br>Mga hula ito ni Lola Goring,<br>gabing-gabi na, ako’y dilat pa rin.<br><br>Matakaw sa aksidente ang kulang sa tulog,<br>gising man ang katawan, antok ang tuktok.<br><br>Bago masabik sa bakasyon sa bukid<br>mahimbing muna sa iiwang silid.<br><br>At kapag napaaga ang hilik sa banig<br>unahan ang araw sa kanyang paggising.<br><br><br>Habilin sa guro: Ang kopya ng tula ay maaaring makita sa website na ibinahagi sa sanggunian.</td>
<td></td>
<td>May panahon para sa saranggola<br>May panahon para sa trumpo<br>May panahon para sa baraha<br>May panahon para sa patintero<br><br>Hindi mo mahuhulaan<br>Kung babagsak o hindi ang bayabas<br>Hindi mo basta matutugmaan<br>Kahit ang bugtong ng di-maliparang-uwak<br><br>May panahon para sa buwan<br>May panahon para sa tikbalang<br>May panahon para sa bahay-bahayan<br>May panahon para sa paligsahan<br>At pangingibáng pálarùan.<br><br>May panahon para sa tirador at holen<br>May panahon para sa pikô’t tinikling</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *May panahon para sa pag-ibig*<br>*At para sa mga panganib*<br>*May panahong masabit sa lubid*<br>*May panahong mapiit sa guhit*<br><br>*May panahon para sa pangarap*<br>*May panahon para sa gilalas*<br>*May panahon para sa paghahanap*<br>*May panahon para sa kirot at pilat*<br>*May panahon para sa aklat*<br>*At sána, may panahon pa para sa ganitong*<br>*Paglalarô sa lumípas.*<br><br>*Rio Alma*<br>*4 Abril 2022* | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **Pagkatapos Magbasa**<br>1. Talakayin ang *motive question*.<br>2. Magsagawa ng *Sketch to Stretch Strategy*. Ipaguhit sa mga bata ang mga gawain na natatandaan nila mula sa tula. | **A. Pagsasanay: Salitang Magkatugma**<br><br>Magsagawa ng maikling *review* ukol sa salitang magkatugma. Magbigyan ng pagsasanay (pakikinig) sa mga mag-aaral.<br>Magbanggit ng mga pares | **Pagkatapos Magbasa**<br>1. Talakayin ang *motive question*.<br>2. Anu-ano ang mga nais ipahiwatig ng bawat saknong? O mga gawain na tinutukoy na dapat bigyan ng panahon? | **C. Pagsasanay: Salitang Magkatugma**<br><br>Magsagawa ng maikling *review* ukol sa salitang magkatugma. Magbigyan ng pagsasanay (pakikinig) sa mga mag-aaral.<br>Magbanggit ng mga pares |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Bigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang mga iginuhit.<br>3. Itanong ang mga sumusunod:<br>● Mayroon ka bang kaparehong karanasan tulad ng sa may-akda ng tula?<br>● Alin sa mga gawaing ito ang iyong naranasan? Alin ang iyong paborito? Magbigay ng dahilan.<br>4. Balikan ang word web. Magtala ng mga karagdagang ideya ukol sa pamayanan/ komunidad batay sa talakayan sa klase. | ng salita. Ipatukoy sa mga bata kung sila ay magkatugma o hindi.<br><br>Mga halimbawang salita:<br><br>*palayan- suso*<br>*log- nauntog*<br>*hilik - banig*<br>*ilog- pilapil*<br>*tali- nasagi*<br>*bato - damo*<br>*puno - bunso*<br>*bago- hula*<br>*pilipit -*<br>*napitpit bukid*<br>*- silid*<br>*bakasyon-*<br>*mahimbing araw-*<br>*kalabaw napatid-*<br>*nakabitaw*<br><br>Habilin sa guro: Upang mas maging kasiya- siya ang gawain, maaring maglapat ng mga *actions* o *gestures* sa kanilang mga sagot. Halimbawa, kung ang mga salita ay magkatugma, ang mga mag-aaral ay maaring atasan na tumayo o pumalakpak. Maari naman silang atasang umupo o pumadyak kung ang mga salitang kanilang napakinggan ay hindi | 3. Isa sa mga gawaing tinatalakay sa tula ang paglalaro. Mahalaga ba ito? Bakit/ bakit hindi?<br>4. Alin sa mga ito ang iyo nang naisagawa o nalaro na kasama ng iyong mga kaibigan/ kaklase?<br>5. Anu-anong selebrasyon kaya ang maaaring mahinuha mula sa mga sumusunod na linya sa tula?<br><br>● *May panahon para sa buwan*<br>● *May panahon para sa tikbalang*<br>● *May panahon para sa pag-ibig*<br>6. Sa iyong palagay, bakit mahalagang magbigay ng panahon sa iba't-ibang mga gawain, karanasan, at damdamin?<br><br>Habilin sa guro: Balikan ang mga linya o partikular na mga salita sa tula habang tinatalakay ang mga sagot sa tanong. | ng salita. Ipatukoy sa mga bata kung sila ay magkatugma o hindi.<br><br>Mga halimbawang salita:<br><br>*saranggola-*<br>*baraha bugtong -*<br>*uwak patintero -*<br>*trumpo panahon-*<br>*kirot*<br>*pag-ibig - tinikling*<br>*mahuhulaan - matutugmaan*<br>*buwan - paligsahan*<br>*guhit - lubid*<br>*tirador - holen*<br>*bahay- bahayan- palaruan*<br>*pangarap - paghahanap*<br>*pilat - aklat*<br>*tikbalang - bayabas*<br>*gilalas - lumipas*<br><br>Habilin sa guro: Upang mas maging kasiya- siya ang gawain, maaring maglapat ng mga *actions* o *gestures* sa kanilang mga sagot. Halimbawa, kung ang mga salita ay magkatugma, ang mga mag-aaral ay maaring atasan na tumayo o pumalakpak. Maari naman silang atasang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | magkatugma. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **B. Diptonggo**<br>Ipakita ang mga larawan ng mga sumusunod na salitang may diptonggo sa mga bata.<br>● palay<br>● apoy<br>● baboy<br>● daloy<br>● tinapay<br>● bantay<br>● keyk<br>● tulay<br>● bahay<br>● sisiw<br><br>Banggitin ang pangalan ng bawat larawan. Hayaan ang mga bata na tukuyin ang mga tunog sa bawat salita at isulat ang mga ito sa *word strips*.<br><br>Ipakitang muli ang mga katulong sa pamayanan/ komunidad. Punan ang mga sumusunod na pangungusap gamit ang mga salitang may diptonggo.<br><br>1. Ang bumbero ay pumipigil sa pagkalat ng | Maari ring ipakita ang mga larawan na kaakibat ng tula mula sa kopya nito sa sanggunian. | umupo o pumadyak kung ang mga salitang kanilang napakinggan ay hindi magkatugma.<br><br>**B. Klaster/ Kambal-Katinig**<br><br>Banggitin na isa sa mga haimbawa ng larong pinoy na nabanggit sa tula ay tumbang preso at tagu-taguan. Isa pang halimbawa nito ay tumbang preso.<br>Sa larong ito ay gumagamit ang mga manlalaro ng lata at tsinelas.<br><br>Ipakita ang larawan ng tsinelas.<br><br>Baybayin ang salita. Bigyang-diin na ang |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ___________. | | salitang tsinelas ay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 2. Sinisiguro ng beterinaryo na ang mga___________at __________ ay malulusog.<br>3. Ang mangingisday ay sinusundan ang __________ng ilog upang makahuli ng isda.<br>4. Ang magsasaka ay nagtatanim ng _________.<br>5. Ang panadero ay gumagawa ng ___________at __________.<br>6. Ang mga pulis ay __________ng ating pamayanan.<br>7. Ang karpintero ang gumagawa ng mga ___________at __________. | | nagsisimula sa mga titik na **/ts/**. Ipaliwanag na ang dalawang titik na ito ay halimbawa ng **kambal katinig** o **klaster**.<br><br>Sabihin:<br>*Ang klaster o kambal-katinig ang tawag sa dalawang pinagsamang katinig na bumubuo ng isang tunog.*<br>*Maari itong makita sa unahan, gitna, at dulo ng mga salita.*<br><br>Basahin ang mga sumusunod na halimbawa ng mga salitang may klaster o kambal katinig sa unahan.<br><br>Magpakita ng mga larawan na katambal ng mga salita. Talakayin ang kahulugan ng mga salita. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salita nang malakas pagkatapos.<br><br>1. **ts**okolate<br>2. **dy**aket<br>3. **kr**ema<br>4. **br**uha<br>5. **gr**ipo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 6. **dr**am |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 7. **pr**utas<br>8. **tr**umpeta<br>9. **bl**oke<br>10. **kl**ima<br>11. **pl**aneta<br>12. **gl**obo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **A. Salitang Magkatugma**<br>Muling basahin ang tula. Muling banggitin ang ibig sabihin ng salitang magkatugma.<br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga salitang magkatugma mula sa tula.<br><br>Mga sagot:<br>*ilog- nauntog*<br>*bato - damo*<br>*puno - bunso*<br>*pilipit -*<br>*napitpit bukid*<br>*- silid araw-*<br>*kalabaw*<br><br>**B. Pagpapantig**<br><br>Matapos tukuyin ang mga salita, pagpantigin ang mga ito. Maaring gumamit ng *Elkonin Boxes* bilang gabay. | **Kayarian ng mga Pantig**<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang wikang Filipino ay may estrakturang sinusunod. Ito ay binubuo ng mga tinik at tunog.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod na tanong sa klase:<br>1. Ano ang dalawang pangkat ng titik sa Filipino?<br>2. Anu- ano ang mga patinig?<br>3. Anu-ano ang mga katinig?<br>4. Ano naman ang isang pantig?<br><br>Hayaan ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga sagot. | **A. Salitang Magkatugma**<br>Muling basahin ang tula. Muling banggitin ang ibig sabihin ng salitang magkatugma.<br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga salitang magkatugma mula sa tula.<br><br>Mga sagot:<br>*saranggola-*<br>*baraha patintero -*<br>*trumpo*<br>*mahuhulaan - matutugmaan*<br>*buwan - paligsahan*<br>*bahay- bahayan- palaruan*<br>*pangarap - paghahanap*<br>*pilat - aklat*<br>*gilalas - lumipas*<br><br>**B. Pagpapantig**<br><br>Matapos tukuyin ang mga salita, pagpantigin ang mga ito. Maaring gumamit | **Kayarian ng mga Pantig**<br><br>Magbigay ng maikling *review* ukol sa pagpapantig.<br><br>Itanong sa mga bata ang mga kayarian ng pantig na kanilang naalala. Magsagawa ng maikling *review* ukol sa mga sumusunod na kayarian:<br><br>• Katinig- Patinig-Katinig (KPK)<br><br>• Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br><br>Kumuha ng mga halimbawa ng mga salita na tinalakay sa klase.<br><br>Ipatukoy ang mga pantig na bumubo sa mga salita. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>Maglagay ng *markers* habang sinasabi/ tinutukoy ang bawat pantig na bumubuo sa mga salita.<br><br>Habilin sa guro: Maaring kumuha pa ng mga halimbawa ng salita mula sa tula.<br><br>**C. Diptonggo**<br><br>Sabihin:<br>*Ano ang hayop na katulong ng magsasaka sa bukid?*<br>*Ang salitang kalabaw ay binubuo ng tatlong (3) pantig:*<br>*ka- la- baw*<br>*Ang huling pantig nito ay /baw/.*<br>*Ang /aw/ ay isang halimbawa ng diptonggo.*<br>*Ang mga diptonggo ay nabubuo sa pamamagitan* | Ipaliwanag ang iba't-ibang kayarian ng mga pantig at mga halimbawa nito.<br><br>Sabihin na ang dentista ay isa sa mga katulong sa pamayananan/ komunidad. Siya ang nag-aalalga sa ating mga ngipin.<br><br>Pagpantigin ang salitang dentista. Sabihin na ang pantig na *den* at *tis* ay may kayarian na KPK.<br><br>Pagpantigin ang salitang ngipin. Sabihin na ang pantig na *ngi* ay may kayarian na KKP.<br><br>1. Katinig- Patinig- Katinig (KPK)<br>**<u>tat</u>**- su- lok **<u>kan</u>** - ta<br><br>2. Katinig- Katinig – Patinig (KKP)<br>**<u>kli</u>**- ma<br>**<u>tra</u>**- ba - ho<br><br>Bigyang diin na ang ating | ng *Elkonin Boxes* bilang gabay.<br><br>Maglagay ng *markers* habang sinasabi/ tinutukoy ang bawat pantig na bumubuo sa mga salita.<br>Habilin sa guro: Maaring kumuha pa ng mga halimbawa ng salita mula sa tula.<br><br>**C. Klaster/ Kambal-Katinig**<br><br>Magpakita ng larawan ng trumpo.<br><br>Baybayin ang salita. Bigyang-diin na ang salitang trumpo ay nagsisimula sa mga titik na **/tr/**.<br><br>Ipaliwanag na ang dalawang titik na ito ay | Ipatukoy alin sa mga patinig ang sumusunod sa mga kayarian ng patinig na tinalakay sa klase.<br><br>Ipabilang ang mga pantig sa bawat salita pagkatapos.<br>Halimbawa:<br>• **tik-** ba- lang<br>• **pla-** ne- ta<br>• **tsi-** ne-las<br>• pa-**tin-**te- ro<br>• pa-na-**hon**<br>• **tso-**ko-la-te<br>• **pru-tas**<br>• bu **- wan**<br>• ti -**nik**- ling<br>• gi - la - **las**<br>• pa - nga - **rap**<br>• **dya** - **ket**<br><br>Habilin sa guro: Maari ring ipasulat sa mga mag-aaral ang pantig sa salita na may kayarian na KPK o KKP.<br>Maari ring gamitin ang Elkonin boxes upang matulungan ang mga mag-aaral na matukoy nang tama ang mga pantig. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | kaalaman sa pagpapantig | | |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *ng pagsasama ng alinman sa limang patinig at titik y o w.*<br><br>*Narito ang mga halimbawa ng mga diptonggo:*<br><br>*/aw/ /ey/ /iw/ /oy/*<br><br>*/uy /oy/ /iy/*<br><br>Basahin ang maikling talata. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga salitang may diptonggo pagkatapos.<br><br>*Ang aking tatay ay magsasaka. Ang palayaw niya ay Juan. Siya ay may kalabaw. Ito ang kanyang alalay sa bukid. Araw-araw siyang nagtatrabaho. Nagtatanim siya ng palay at iba't-ibang gulay tulad ng sitaw, petsay, at bataw. Siya rin ay may mga alagang baboy at mga sisiw. Aliw na aliw si Tatay sa bukid.*<br><br>Habilin sa guro: Maaaring magbigay ng listahan o halimbawa ng mga salitang may diptonggo bago ang pagbasa ng talata. | ay makatutulong sa pagbuo natin ng mga salita kapag tayo ay nagsusulat o nagbabaybay (spell) ng mga salita.<br>Gayundin, ito ay nakatutulong sa ating pagbabasa at pagsasalita nang malinaw at maayos.<br><br>**Gawain 1: KPK**<br><br>Bigyan ang mga mag-aaral ng mga pantig na binubuo ng kayarian na Katinig-Patinig- Katinig (KPK).<br>Hayaan sila na bumuo ng mga salita at hanapin ang kanilang mga katambal.<br>Ipabasa ang mga salitang kanilang nabuo pagkatapos.<br><br>1. suk - lay<br>2. bun - tot<br>3. dok - tor<br>4. pin - tor<br>5. dib- dib<br>6. hel - met<br>7. ban - tay<br>8. pit - sel<br><br>**Gawain 2: KKP**<br><br>Bigyan ang mga mag-aaral | halimbawa ng **kambal katinig** o **klaster**.<br>Sabihin:<br>*Ang klaster o kambal-katinig ang tawag sa dalawang pinagsamang katinig na bumubuo ng isang tunog.*<br><br>*Maari itong makita sa unahan, gitna, at dulo ng mga salita.*<br><br>Basahin ang mga sumusunod na halimbawa ng mga salitang may klaster o kambal katinig sa unahan.<br><br>Magpakita ng mga larawan na katambal ng mga salita. Talakayin ang kahulugan ng mga salita. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salita nang malakas pagkatapos.<br><br>1. **kl**ase<br>2. **bl**usa<br>3. **pl**ato<br>4. **br**aso<br>5. **gr**ipo<br>6. **pr**utas<br>7. **kr**us<br>8. **gr**asa<br>9. **dy**ip | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ng mga pantig na binubuo | 10.**ts**onggo | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Habilin sa artist: Gumuhit ng ilustrasyon na akma sa talata. | ng kayarian na Katinig-Katinig – Patinig (KKP). Hayaan sila na bumuo ng mga salita at hanapin ang kanilang mga katambal. Ipabasa ang mga salitang kanilang nabuo pagkatapos.<br><br>1. **tsi**- ne - las<br>2. **gri** - po<br>3. **bra**- so<br>4. **blu** - sa<br>5. **pla** - to<br>6. **kla** -se<br>7. **tso**- ko- la- te<br>8. **tra**- ba- ho | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sabihin sa mga mag-aaral na ang pamayanan ay tumutukoy sa mga taong may mga pagkakatulad na naninirahan sa isang pook. Maraming uri ng pamayanan at ang mga gawaing pangkabuhayan ng mga tao rito ay nakabatay sa uri nito.<br>Isang uri ng pamayanan ay ang mga komunidad na rural tulad ng mga sakahan o bukirin sa probinsya. Ang mga magsasaka ay mahalagang katulong ng pamayanan. | Hayaan ang mga mag-aaral na tukuyin o ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.<br>• salitang magkatugma<br>• pantig<br>• kayarian ng mga pantig<br>• mga katulong sa pamayanan | 3-2-1 Strategy<br><br>Magbigay ng **3** gawain o selebrasyon na ginagawa sa pamayanan.<br><br>Magbigay ng **2** halimbawa ng salitang may klaster o kambal katinig.<br><br>Magbigay ng **1** halimbawa ng salitang magkatugma. | Hayaan ang mga mag-aaral na punan ang mga sumusunod na pangungusap.<br><br>1. Ang mga kambal-katinig ay maaring makita sa ________, ________ , at _ ______ ng isang salita.<br>2. May parehong _ __________sa _ __________ang mga salitang magkatugma.<br>3. Ang dalawang kayarian ng pantig |
| | | | | na tinalakay sa klase ay ___________ at _________.<br>4. Isang mahalagang ideya ukol sa pamayanan na natutunan ko mula sa tula ay __________. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Magbigay ng maikling pagsusulit.<br>**Tama o Mali**<br>Panuto: Gumuhit ng happy face kung ang kaisipang ipinahahayag ng pangungusap ay tama at sad face kung ito ay mali.<br>______ _ 1. Ang isang lungsod ay halimbawa ng isang pamayanang rural.<br>______ _ 2. Ang pagsasaka ay isang kabuhayan ng mga mamamayan sa isang pamayanang urban.<br>______ _ 3. Ang mga magsasaka ay mahalagang katulong ng pamayanan.<br>______ _ 4. Ang mga miyembro ng isang pamayanan ay may pagkakatulad. Halimbawa nito ay ang kanilang wika.<br>______ _ 5. Sa isang pamayanang urban, maraming makikitang | Pagpapantig Magbigay ng **gawaing pakikinig**.<br>Panuto: Pakinggan ang mga salitang sasabihin ko. Isulat ang bilang ng mga pantig.<br>1. magsasaka<br>2. guro<br>3. dentista<br>4. manggagamot<br>5. mangingisda<br>6. pulis<br>7. panadero<br>8. pintor<br>9. karpint<br>ero 10.nars | Salitang Magkatugma Magbigay ng **gawaing pakikinig**.<br>Panuto: Isulat ang markang tsek sa papel kung ang pares ng mga salitang napakinggan ay magkatugma.<br>Isulat ang ekis kung ang kung ang pares ng mga salitang napakinggan ay hindi magkatugma.<br>1. ilog- nauntog<br>2. bato - damo<br>3. bayan - isda<br>4. saranggola- baraha<br>5. gulong - pulis<br>6. patintero - trumpo<br>7. pilat - aklat<br>8. bukid - silid<br>9. wika - kalabaw<br>10. krus - globo | Gamitin ang LAS 1. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sasakyan at matataas na gusali. | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Takdang Aralin: Magdala o gumuhit ng mga larawan ng mga bagay, pook, gawain, at mga hayop na makikita sa inyong pamayanan.<br>Ibahagi ito sa klase bukas. | Maaring magbigay sa mga mag-aaral na flashcards o picture cards ng mga katulong sa pamayanan at kanilang mga pangalan at kagamitan upang mas lumawak ang kanilang bokabularyo ukol sa mga ito. | Maaring magsagawa ng karagdagang gawain pagkatapos sa klase o takdang aralin sa pagpapantig gamit ang Elkonin Boxes sa bahay upang mahasa ang kakahayan ng mga mag-aaral sa pagpapantig. Maari ring magsagawa ng "Bring Me' na laro kung saan ang mga mag-aaral ay magdadala o guguhit ng mga larawan ng mga bagay ayon sa bilang ng pantig na nakatalaga sa kanila.<br><br>Halimbawa:<br>2 pantig - baka, trumpo<br>3 pantig - tsinelas, kalabaw | Maaring magbigay ng listahan ng mga salitang may diptonggo at klaster/ kambal- katinig upang makapagsagawa ng decoding practice sa bahay. |
| *Mga Tala* | 1. Tandaan na ang mga gawain sa pagpapantig at pagtukoy ng mga salitang magkatugma ay maaring gamitan ng mga manipulatives tulad ng Elkonin Boxes at mga larawan. Ito ay mga gawaing pakikinig kung saan walang mga salitang ipinapakita sa mga bata.<br>2. Maaring magsagawa ng mas malalim na pagtalakay ng mga tulang pambata. | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: ______________________

Guro

Nirebyu ni: ______________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni: ______________________

School Head